Mga Uri ng Abot-kayang mga Suporta sa Pabahay sa Ontario para sa mga Nakaligtas sa Karahasan na Nakabatay sa Kasarian

Mabilis na Katotohanan:

- May mga suportang nauugnay sa pabahay para sa mga nakaligtas sa karahasan na nakabatay sa kasarian [gender-based violence (GBV)] na nakatira sa Ontario
- May mga Manggagawa ng GBV na dalubhasa sa pagsuporta sa mga nakaligtas sa karahasan na nakabatay sa kasarian upang matulungan kang magamit ang mga serbisyo at mga suportang nauugnay sa pabahay.
- Walang kinakailangan na nakatira ka sa isang silungan upang makakuha ng suporta sa paghahanap ng pabahay

Matuto pa tungkol sa mga Transisyonal na Suporta sa: **bit.ly/UnderstandingTHSPEnglish**
Maghanap ng isang silungan o transisyonal na programa: **www.mulberryfinder.ca**

Rentang Binabatay-sa-Kita [Rent-Geared-To-Income (RGI)] na Pabahay

Ang RGI na pabahay ay isang uri ng may subsidyo/abot-kayang pabahay na inaalok ng mga lungsod, mga distrito, mga county o mga rehiyon sa buong Ontario. Sa RGI na pabahay, ang upa ay kinakalkula batay sa kita ng sambahayan. Karaniwan, ito ay kinakalkula sa 30% ng buwanang netong kita ng sambahayan. Ang pangkalahatang oras ng paghihintay ng RGI ay napakataas sa buong Ontario dahil may isang kakulangan sa pabahay.

Kumuha ng mas mahabang bersyon ng mapagkukunang ito/iba pang mga wika sa: mulberryfinder.ca/HousingSupports

Programa ng Espesyal na Priyoridad [Special Priority Program (SPP)]:

Nilalayon ng SPP na bigyan ang mga nakaligtas sa karahasan na nakabatay sa kasarian at pagtatrapiko ng tao ng mas mabilis na pagkuha ng RGI na pabahay. Gayunpaman, ang mga oras ng paghihintay ay maaari pa ring maging makabuluhan at mag-iba-iba sa mga komunidad.

Canada-Ontario Portable na Benepisyo (COHB):

Ang COHB ay isang *pansamantalang/limitadong* oras na malilipat na benepisyo na maaaring magamit upang makuha ang pabahay sa pamamagitan ng mga pribadong merkado ng paupahan. Ang halaga ng COHB ay kinakalkula batay sa pagkakaiba sa pagitan ng 30% ng kita ng iyong sambahayan at 80% ng karaniwang upa sa merkado sa lugar. Ang pagkakaroon at dami ng COHB ay nag-iiba-iba sa mga lugar.

Mga Suplemento sa Renta ng Munisipyo/Mga Subsidyo sa Renta:

Ang mga suplemento/mga subsidyo sa upa ay isang pansamantala at limitadong panahon na benepisyo na ibinibigay sa mga indibidwal at mga pamilya na mababa ang kita na nasa panganib ng pagkawala ng tirahan. Ang mga pondo ay ibinibigay na makakatulong sa pagbabayad ng upa sa pribadong pamilihan, ngunit kadalasan ito ay panandalian. Ang mga Supplemento/mga Subsidyo sa Renta ay maaaring direktang makukuha mula sa iyong munisipalidad.

Transisyonal na Pabahay, Sumusuportang Pabahay at Ikalawang-Yugtong Pabahay

Ang Transisyonal na Pabahay, Sumusuportang Pabahay, at Ikalawang Yugtong mga programa ng pabahay ay nag-aalok ng panandaliang abot-kayang pabahay sa panahon ng transisyonal na mga panahon/mga yugto.

- Ang mga halaga ng upa ay kadalasang nakatuon sa kita.
- Ang mga suporta sa paligid kasama ang pagpapayo, trabaho at mga suporta sa kita bukod sa iba pa, ay maaaring makuha sa pamamagitan ng transisyonal na organisasyon ng pabahay.
- Ang mga karagdagang hakbang sa kaligtasan (mga katangian ng pisikal na gusali, mga paghihigpit sa kung sino ang maaaring makapasok sa gusali) ay maaari ding ilagay para sa transisyonal at ikalawang yugtong pabahay na idinisenyo para sa mga nakaligtas sa GBV.

Ang mga Transisyonal at Ikalawang Yugtong Pabahay na mga organisasyon ay matatagpuan sa buong Ontario. Ang ilang yunit ng transisyonal na pabahay ay direktang konektado sa mga lokal na silungan at maaaring matagpuan malapit sa silungan. Ang mga transisyonal na organisasyon sa pabahay ay maaaring gumana nang malinaw mula sa lokal na silungan at ang mga yunit ay maaari ding matatagpuan sa ibang lugar sa komunidad. Ang mga aplikasyon ay direktang pinangangasiwaan ng mga Organisasyon ng Transisyonal na Pabahay (Transitional Housing Organizations).

MATUTO NANG HIGIT PA/MAG-APLAY:

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Tagapamahala ng Serbisyo sa pabahay:

Tingnan ang isang listahan ng lahat ng Mga Tagapamahala ng Serbisyo:
bit.ly/FindServiceManagerOntario

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na organisasyon ng GBV:

Makipag-ugnayan sa iyong lokal na organisasyon ng GBV:
www.mulberryfinder.ca/THSP